# Mga Katotohanan tungkol sa mga Plano sa Medicare Plans at Pagprotekta sa Iyong Personal na Impormasyon

## This is an Official U.S. Government Product

Dapat sundin ng mga Medicare plan ang ilang mga patakaran ukol sa pag-market nila ng kanilang mga plan at pagkuha ng impormasyon ng enrollment mula sa iyo. Ipinapaliwanag ng fact sheet na ito ang mga patakaran na dapat sundin ng mga health at drug plan ng Medicare.

Hindi maaaring gawin ng Medicare plans at mga taong kumakatawan sa kanila ang alinman sa mga sumusunod:

- Hilingin ang iyong Social Security number, bank account number, o impormasyon ukol sa credit card
- Singilin ka ng fee upang iproseso ang iyong enrollment at gawin itong plan.
- Padalhan ka ng mga email na hindi mo naman hinihingi.
- Tawagan ka, maliban kung miyembro ka na ng plan o nagbigay ka sa plan ng pahintulot na tawagan ka. Kung ikaw ay miyembro, ang ahenteng tumulong sa iyo na sumali ay maaaring tumawag sa iyo.
- Magpunta sa iyong bahay nang walang imbitasyon upang hilingin kang sumali sa isang Medicare plan.
- Gumawa ng appointment upang sabihin sa iyo ang kanilang plan maliban kung sumang-ayon ka (nang nakasulat o sa pamamagitan ng inirekord na pag-uusap sa telepono) sa mga produktong pinag-uusapan. Habang isinasagawa ang appointment, maaari lamang nilang subukang ibenta sa iyo ang mga produktong sinang-ayunan mong pakinggan.
- Alukin ka ng cash upang sumali sa kanilang plan o bigyan ka ng mga libreng pagkain habang sinusubukan nilang bentahan ka ng isang plan.
- I-enroll ka sa isang drug plan sa telepono maliban kung tinawagan mo sila at hiniling mong mag-enroll.
- Hilingin kang magbayad sa telepono o sa Internet. Kailangang padalhan ka ng plan ng isang bill.
- Bentahan ka ng produkto na walang kinalaman sa kalusugan, tulad ng isang annuity o life insurance policy habang sinusubukan nilang bentahan ka ng isang Medicare health o drug plan.
- Kausapin ka tungkol sa kanilang plan habang ikaw ay nasa mga lugar kung saan ka kumukuha ng health care, tulad ng isang exam room o hospital patient room.
- Subukang bentahan ka ng kanilang mga plan o i-enroll ka habang may educational event tulad ng isang health fair o conference.
- Puwersahin kang sumali sa kanilang plan sa pamamagitan ng pagsabi ng mga bagay tulad ng "kailangan mong sumali sa plan na ito o wala kang coverage sa darating na taon."
- Hilingin kang magbigay ng mga pangalan at mga telepono o mga address upang bentahan ang iyong mga kaibigan o kapamilya.
- Hilingin kang pirmahan ang enrollment form bago ka handang pumirma. **Dapat mong pirmahan ang form kapag lamang handa ka nang sumali.**

Kung ang plan ay gumagamit ng mga nagsasariling ahente at broker, dapat sila lisensyado ng estado.
Dapat sabihin ng plan sa estado kung aling mga ahente ang kanilang mga ginagamit.

**Huwag sumagot sa kahit sino man o sa anumang materyales na hindi sumusunod sa mga patakarang ito at tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) upang ireport ito. Para sa mga gumagamit ng TTY, tumawag sa 1-877-486-2048.**

Maaari mo ring tawagan ang Medicare Drug Integrity Contractor (MEDIC) sa 1-877-7SAFERX (1-877-772-3379). Ang MEDIC ay tumutulong na maiwasan ang hindi angkop na aktibidad at nilalabanan nito ang pandaraya, pag-aksaya, at pag-abuso sa Medicare plans.

**Paunawa**: Kung pinunan mo ang isang aplikasyon para sa Extra Help at nagkukulang ang impormasyon, mayroong tao mula sa Social Security na maaaring kumontak sa iyo. Hihilingin lamang nila ang kulang na impormasyon.

## Protektahan ang Iyong Sarili mula sa Pagnakaw ng Identidad

Ang Pagnakaw ng Identidad ay malalang krimen. Ito'y nangyayari kapag may gumamit ng iyong personal na impormasyon nang wala ng iyong pahintulot upang mandaya o gumawa ng ibang mga krimen.  Kabilang sa personal na impormasyon ang mga bagay tulad ng iyong pangalan, at ang iyong Social Security, Medicare, bank account, o credit card numbers. Ang Medicare ay nagsisikap upang protektahan ka mula sa pagnakaw ng identidad.

Huwag ibigay sa kahit sino mang pupunta sa iyong bahay (o tatawag sa iyo) ang iyong personal na impormasyon kapag siya'y hindi naman inimbita at siya'y nagbebenta ng mga produktong may kinalaman sa Medicare. Ang Medicare ay **HINDI KAILANMAN** tatawag o pupunta sa iyong bahay nang hindi iniimbita upang magbenta ng mga produkto ng Medicare.

Kung sinususpetsahan mo ang pagnakaw ng identidad, o kung sa palagay mo'y ibinigay mo ang iyong personal na impormasyon sa isang taong hindi mo dapat binigyan nito, tumawag sa ID Theft Hotline ng Federal Trade Commission sa 1-877-438-4338. Ang mga tagagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-866-653-4261.

Kung sa palagay mo'y ikaw ay nasa panganib (halimbawa, may nagpupuwersa o nananakot sa iyo), tawagan kaagad ang pulis sa iyong lugar.

**Paunawa**: Kung naiwala mo ang iyong Medicare card o kung ito'y ninakaw, o kung kailangan mo ng panibagong Social Security card, bisitahin ang www.socialsecurity.gov o tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213. Ang mga tagagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-325-0778. Kung tumatanggap ka ng benefits mula sa Railroad Retirement Board(RRB), tawagan ang opisina ng RRB sa iyong lugar sa 1-877-772-5772, o bisitahin ang www.rrb.gov.

CMS
CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Produkto Blg. 11147-T (Tagalog)
Binago noong Nobyembre 2011